5

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang – 5 Filipino Modyul 7


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | May Antonette G. Magwili |
| **Illustrators:** | May Antonette G. Magwili |
| **Content Editors:** | Mrs. Ofelia F. Cruz Ms. Marites M. Tabor<br>Ms. Anna Lisa T. Magbitang |
| **Language Editors:** | Mrs. Ofelia F. Cruz Ms. Marites M. Tabor<br>Mrs. Lilibeth M. Bullicer |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr.Mauro C. De Gulan, SDS SDO- Malabon City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief- NCR<br>Dr. Josefina M. Pablo, CID Chief SDO- Malabon City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, EPS- Filipino- NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Mrs. Ofelia F. Cruz, Filipino<br>Mrs. Dalisay E. Esguerra, LR EPS SDO- Malabon City<br>Ms. Ana Lisa M. Mesina, PDO II, SDO Malabon City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

# MODYUL 7: SIMUNO AT PANAGURI SA PANGUNGUSAP SULATING PORMAL, DI-PORMAL, AT LIHAM NA NAGMUMUNGKAHI

## Inaasahan

- Nasasabi ang simuno at panaguri sa pangungusap F5WG -IIIi - j - 8
- Nakasusulat ng isang sulating pormal, di-pormal (email) at liham na nagbibigay ng mungkahi F5PU -IId -2.10 F5PU -IIh -2.9 F5PU -IIj -2.3

## Unang Pagsubok

**A. Panuto:** Piliin sa pangungusap ang simuno at panaguri. Isulat ito sa kahon.

1. Ang mga bata ay nagtatakbuhan.
2. Sina ditse at sanse ay naglilinis sa loob ng kuwarto.
3. Nagluluto nang masarap na ulam si Alexssa.
4. Umaawit ng kundiman ang binata.
5. Malakas sumigaw ang mga bata.

| | SIMUNO | PANAGURI |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3 | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

**B. Panuto:** Tukuyin kung PORMAL, DI-PORMAL o LIHAM na nagmumungkahi ang mga sumusunod.

| 1. |
|---|

Ginoo,

Nais ko po sanang imungkahi na mabigyan ng sapat na panahon ang bawat mamamayan na makapaghanap ng pansamantalang malilipatan bago paalisin sa kanilang lugar upang hindi sila maging pakalat-kalat sa kalye at lansangan.

Nawa'y inyong mabigyang- tugon ang aming kahilingan.

Maraming salamat po.

Sumasaiyo,

Narcisso

2.

Ang *HOME SCHOOLING* ay isang alternatibong paraan ng pag-aaral kung saan ang mga bata ay mabibigyan ng pagkakataong makaranas ng pormal na edukasyon kahit wala sa loob ng silid-aralan. Magsisilbing tagapagdaloy ang mga magulang at iba pang tagapangalaga sa halip na mga guro sa paaralan sa ganitong pamamaraan.

3.

Ayon sa Pangulong Duterte, ititigil muna ang *face to face classes* dahil bukod sa patuloy na pagtaas ng bilang ng may COVID19 ay nagkaroon ng bagong variant ang *virus* na maaaring maging mapanganib sa kalusugan ng mga tao kapag ito ay nakapasok na sa ating bansa.

Sa aking palagay, tama ang naging desisyon ng ating pangulo ukol dito dahil ito'y paghahanda lamang sa maaaring dagdag problema sa ating bansa.

4.

Ginang Fe,

Nais ko po sanang humingi ng paumanhin sa pagliban ko sa inyong *online class* sapagkat hindi po nakapa- *load* si nanay ng internet.

Maraming salamat po.

Gumagalang,

Kersey

5.

Sadyang mahirap mabuhay,
sa apat na sulok ng tahanan,
sa panahon ng pandemyang,
hindi inaasahan.

Ngunit kung sa Poong Maykapal,
may pananalig at gabay,
malalagpasan natin ito,
nang sabay-sabay.

## Balik-Tanaw

Panuto: Tukuyin kung anong bahagi ng liham ang nakasaad sa bawat bilang.

______1. Mahal kong kaibigan,

______2. 20 A. Camia Street, Maysilo, Malabon City

______3. Nagmamahal,

______4.

Kumusta ka na? Masaya ako dahil naging maayos at masaya ang iyong kaarawaan. Ipagpaumanhin mo na hindi ako nakadalo noong araw na iyon dahil kailangan kong tulungan ang aking nanay sa gawaing-bahay. Hayaan mo at sa susunod ay sisikapin kong makadalo sa pinakamahalagang araw ng iyong buhay.

______5. Evette C. Jaylo

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Mahilig ka bang sumulat? Marahil ay naranasan mo nang sumulat ng iba't ibang komposisyon tungkol sa iba't ibang paksa?

Alam mo ba na isang mainam na kakayahan ang pagsulat? Kapag mahusay kang sumulat, makatutulong ito sa iyong pakikipagtalastasan sa kapwa. Magiging daan din ito sa pagkakaroon ng mga bagong kaibigan at kakilala. Mahahasa at mapapalawak din nito ang iyong kaisipan.Sadyang maraming biyayang matatamo sa pagsulat.

Sa pagsulat ay gumagamit tayo ng simuno at panaguri upang makapagpahayag nang may buong diwa nang sa gayon ay madali tayong maunawaan. Ang simuno ay ang paksang pinag-uusapan sa pangungusap at ang panaguri ay nagsasaad tungkol sa simuno.

May iba't ibang uri ang sulatin. batay sa anyo, nilalaman, ginamit na salita at iba pa.

Narito ang mga halimbawa:

- Sulating Pormal

**Wikang Filipino**

Ang Pilipinas katulad ng ibang bansa ay may wikang maipagmamalaki. Ito ay ang wikang panlahat na ginagamit para sa pambansang pagkakilanlan, mabilis na pagkakaunawaan at wikang panturo sa ilang asignatura sa mga paaralan. Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Ito ay nasusulat sa ating umiiral na Saligang Batas.

- Sulating Di- Pormal

**Ipagmalaki Mo!**

Mayroon ka bang espesyal na kakayahan? Siguro ay mayroon di ba? Katulad mo, ako ay mayroon din. Mahusay akong gumuhit, madalas nga nananalo ako sa mga paligsahan. Hindi ako gaanong mahilig sa pag-awit, pero kahit paano ay marunong akong sumayaw. Ikaw, ano ang iyong talento? Kung anuman iyon, ipagmalaki mo!

- Liham na Nagmumungkahi

83 Daang Celia 1, Tinajeros,
Lungsod ng Marikina
Pebreo 23, 2021

Mahal kong Bobby,

Kumusta ka na? Kamakailan lamang ay nabalitaan kong malapit ka nang makapagtapos sa *Senior High School*. Nabanggit sa akin ng iyong ina na nag-iisip ka kung anong kurso ang iyong kukunin sa kolehiyo. Nais ko sanang magmungkahi sa iyo. Alamin mo ang iyong interes at kung anong trabaho ang nais mong pasukan sa iyong pagtatapos. Kinakailangang piliin mo ang kursong magbibigay sa iyo ng kasiyahan upang ito ay iyong mapagtagumpayan.

Iyon lamang at sana ay makatulong ako sa iyo sa gagawin mong pagpapasya. Mag-ingat ka lagi at manatili sa loob ng bahay kung wala namang pangangailangan upang lumabas nang sa gayon ay manatili kang ligtas.

Nagmamahal,
Tito Arnel

**Gawain**

**Panuto**: Bumuo ng maikling talata ukol sa paksang, Ang Aming Pamilya sa Panahon ng Pandemya

______________________________

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

## Tandaan

Palaging tandaan ang mga sumusunod:

- Ang simuno at panaguri ay bahagi ng isang pangungusap.
- SIMUNO – paksa ng pangungusap,at tagaganap ng kilos. Maaari itong pangngalan o panghalip.
- PANAGURI – bahagi ng pangungusap na nagsasaad tungkol sa simuno o paksa. Maaaring matagpuan sa simula, gitna o hulihan ng pangungusap
- LIHAM na nagmumungkahi – sulat o mensahe na para sa isang tao na nais bigyang-mungkahi tungkol sa isang paksa.
- SULATIN - akda o komposisyon tungkol sa isang paksang napili.

- SULATING PORMAL - nagbibigay ng tiyak na impormasyon tungkol sa isang paksa.
- SULATING DI-PORMAL – kadalasang opinyon, palagay o kuro-kuro lamang ng may-akda.

Ang paraan ng pagsulat ng isang liham, pormal o di-pormal na sulatin na inilahad sa isang papel ay katulad lang din sa pagpapadala nito gamit ang *e-mail*. Sa panahon ngayon, ang *e-mail* ay isa sa mabilis at ligtas na paraan upang maisumite ang mga *files* na nais ibigay sa taong padadalhan natin lalo't may pandemya pa tayong kinakaharap sa kasalukuyan.

## Pag-alam sa Natutuhan

Pumili ng gawain. Sumulat ukol dito. Bilugan ang SIMUNO at salungguhitan ang PANAGURI sa bawat pangungusap na nabuo.

A. Sumulat ng isang liham na binubuo ng tatlong talata na may layuning magmungkahi ng mga paraan kung paano mapadadali ang pagsusumite ng sinagutang *answer sheets* sa inyong guro.

B. Gamit ang paksang nasa ibaba, sumulat ng isang PORMAL na sulatin na may tatlong talata.ukol sa paksang,
**"COVID19: Salot sa Buong Mundo"**

C. Sumulat ng DI-PORMAL na sulatin na may tatlong talata ukol sa paksang,
**"Bakuna Kontra COVID-19"**

## Pangwakas na Pagsusulit

Unang Bahagi:

Tukuyin ang simuno at panag-uri sa pangungusap. Isulat ito sa kahon

1. Kami ay nasa loob palagi ng bahay.
2. Nagsusuot ng *face mask* at *face shield* si ate kapag nagpupunta sa palengke.
3. Sina Jay-R at Kardo ay nagsasagot ng modyul.
4. Sa pagsunod sa *safety protocol* ay makaiiwas tayo sa *virus*.
5. Si Leeza ay nakikinig nang mabuti sa kanilang *online class.*

| | SIMUNO | PANAGURI |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3 | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

Pangalawang Bahagi

**A.** Sumulat ng isang sulating di-pormal na binubuo ng dalawang (2) talata ukol sa paksang, "**Kaligtasan ko, Responsibilidad ko**"

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

A. 1.

| | SIMUNO | PANAGURI |
|---|---|---|
| 1. | Ang mga bata | ay nagtatakbuhan |
| 2. | Sina Ditse at sanse | ay naglilinis sa loob ng kwarto |
| 3 | si Alexssa | Nagluluto ng masarap na ulam |
| 4. | ang binata | Umaawit ng kundiman |
| 5. | ang mga bata | Malakas sumigaw |

B.
1. Di-pormal
2. Liham na nagmumungkahi
3. Pormal
4. Liham
5. Sulating Pormal

**Pag- alam sa Natutuhan**

Rubriks sa pagwawasto ng sulating pormal, di-pormal o liham na nagmumungkahi

| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Pagkamakatotohanan ng Mensahe | Lubhang makabuluhan | Makabuluhan | Hindi gaanong makabuluhan | Hindi makabuluhan |
| Kawastuhan ng Impormasyon | Wasto ang lahat ng datos | May ilang maling datos | Karamihan ng ng datos ay hindi wasto | Hindi naaayon sa paksa ang mga datos |
| Kaayusan ng paglalahad | Inilahad ang lahat ng mga ideya nang maayos at kawili-wili | Inilahad ang karamihan ng mga ideya nang maayos at kawili-wili | Hindi maayos ang paglalahad ng ideya sa kabuuan. | Walang sapat na ideya. |
| Teknikal na Pagsulat | Kinakitaan nang angkop na katangian ng sulatin. | May ilang bahaging hindi angkop.sa katangian ng sulatin | Karamihan ay hindi angkop sa katangian ng sulatin | Walang nasunod na katangian ng sulatin. |

**Pangwakas na Pagsusulit:**

Unang Bahagi

| | SIMUNO | PANAGURI |
|---|---|---|
| 1. | Kami | ay nasa loob palagi ng bahay |
| 2. | Si Ate | ay nagsusuot ng facemask at face shield kapag pupunta ng palengke. |
| 3 | Sina Jay-R at Kardo | ay nagsasagot ng module. |
| 4. | tayo | Ay makakaiwas tayo sa virus |
| 5. | Si Leeza | Ay nakikinig nang mabuti sa kanilang online class. |

**Pangalawang Bahagi**

Gamitin ang rubriks sa bahagi ng Pag-alam sa Natutuhan sa pagwawasto.

# Sanggunian


- **Deped Learning Portal,** Misosa 6: ang pamahalaan at ang mga mamamayan nito. Pahina 5.
- **Deped Learning Portal, HEKASI 5.** Hanapbuhay ng mga ninuno, p.
- **Deped Learning Portal, Project EASE.** Filipino 1, pahina 11